

BAGONG CALAPAN PORT PASSENGER TERMINAL, PINASINAYAAN NG PPA



Source: PIO Calapan



*P I N A K A M A L A K I ,
WORLD-CLASS, AT
MODERNO.*

Ganiyan kung ilarawan ang bago at pinakamalaking Seaport Passenger Terminal Building sa Lungsod ng Calapan na opisyal nang binuksan ng Philippine Ports Authority at ng Port Management Office - Mindoro sa publiko noong ika-27 ng Marso.

Pinangunahan ni Senator Bong go at ni PPA General Manager Atty. Jay Daniel Santiago ang Ribbon Cutting kasama sina Governor Humerlito

“Bonz” Dolor, Congressman Arnan Panaligan, City Mayor Marilou Flores-Morillo, ang Port Manager ng PMO Mindoro na si Engr. Elvis Medalla, at si Mr. Philip Salvador na kasama ni Senator Bong Go.

Una sa PPA at PMO Mindoro ang kapakanan ng mga pasahero kaya naman layunin nila na magbigay ng public quality service at world-class facilities sa mga byaherong pumapasok at lumalabas sa lalawigan ng Oriental Mindoro, partikular na sa Lungsod ng

Calapan.

Kung noon ay nasa 500 katao lang ang kakasya sa lumang terminal at inaabot pa ng mahaabang pila hanggang sa labas ng pier, ngayon nasa 3,500 katao ang kayang patuluyin ng terminal.

Habang naghihintay ng barko, maaaring ma-enjoy ng mga biyahero ang iba’t ibang pasilidad dahil may VIP at Conference Rooms, playroom para sa mga bata, prayer room, food stalls area, breastfeeding station, at clinic.

Mayroong tat-

long palapag, kaya naman maaaring gamitin ang 4 na elevator at 2 escalator upang mapadali ang pagakyat at pagbaba.

Sinusulong din ng PPA ang inclusivity kaya naman mayroong comfort rooms para babae at lalaki, all gender, senior citizens at Persons with Disability.

Tamang-tama ang pagbubukas ng bagong terminal dahil paparating na ang Mahal na Araw, panahon kung kailan marami ang mga lumuluwas at uumuwi, kaya naman inaasahan na mas magiging maayos ang sit-

wasyon sa Calapan City Pier.

Samantala, ilan pa sa mga dumalo sa gawain ay ang Sangguniang Panlalawigan sa pangunguna ni Vice Governor Ejay Falcon, sangguniang Panlungsod sa pangunguna ni Vice Mayor Bim Ignacio, City Administrator Raymond Al Ussam, Chief of Staff Joseph Umali, at Atty. Rey Acedillo ng City Legal Department (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER
RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAJA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL AD D: tamaraojournal@gmail.com
WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



PRINTING & LETTERPRESS PRESSING • OFFSET & LETTERPRESS PRINTING • OFFSET & LETTERPRESS PRINTING

SINAG PUBLISHING AND PRINTING

SINAG PRINTING PRESS

Parian Nat'l Highway, Calamba City, Laguna
Contact us: Telefax: (049) 834-6261 • Mobile: 09205819079
Email add: tambull_press@yahoo.com.ph

For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



TINGNAN: Personal na natanggap ng apat pang mamamayan ng Sitio Sampalucan, Barangay San Antonio noong ika-23 ng Marso ang financial cash assistance mula kay City Mayor Mariou Flores-Morillo kasama ang Vice Governor Bim Ignacio, Governor Humerlito "Bonz" Dolor, at City Health and Sanitation Officer Dra. Basilisa M. Llanto ang Groundbreaking Ceremony ng Super Health Center sa Guinobatan, Calapan City, ika-27 ng Marso.

Ipinanukala ni Senator Bong Go ang pagtatag ng mga Super Health Centers sa iba't ibang lalawigan at lungsod ng bansa; isa na nga ang Lungsod ng Calapan sa apat na munisipalidad na magkakaroon ng Super Health Center dito sa lalawigan ng Oriental Mindoro.

Ayon kay Sen. demolisyon kung kaya't minarapat ng Pamahalaang Lungsod na magbigay ng tulong pinansiyal habang naghihintay pa ng relocation area (Thea Marie J. Villadolid/CIO).



GROUNDBREAKING CEREMONY OF THE SUPER HEALTH CENTER

PINANGUNAHAN ni Senator Christopher Lawrence Bong Go at ni City Mayor Marilou Flores-Morillo kasama ang Sangguniang Panglungsod na pinangungunahan ni Vice Governor Bim Ignacio, Governor Humerlito "Bonz" Dolor, at City Health and Sanitation Officer Dra. Basilisa M. Llanto ang Groundbreaking Ceremony ng Super Health Center sa Guinobatan, Calapan City, ika-27 ng Marso.

Ipinanukala ni Senator Bong Go ang pagtatag ng mga Super Health Centers sa iba't ibang lalawigan at lungsod ng bansa; isa na nga ang Lungsod ng Calapan sa apat na munisipalidad na magkakaroon ng Super Health Center dito sa lalawigan ng Oriental Mindoro.

Ayon kay Sen. demolisyon kung kaya't minarapat ng Pamahalaang Lungsod na magbigay ng tulong pinansiyal habang naghihintay pa ng relocation area (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

Ayon kay Sen.

Bong Go, "The super health center is a medium version of a polyclinic and an improved version of the rural health unit."

Layunin nito na mailapit ang mga serbisyong pangmedikal sa mga Pilipino lalo na sa mga nasa liblib na lugar at pinakanangailangan nito.

Sa SHC ay magkakaroon ng mga dental services, birthing facilities, out-patient department, at maari ding ma-extend hanggang ng pamahalaang lokal sa pagkakaroon ng mga dialysis center.

Magtutulungan naman sa pamamahala ng SHC ang DOH at ang Pamahalaang Lungsod ng Calapan sa pamamagitan ng City Health Sanitation Department (Thea Marie J. Villadolid/CIO).



SURGICAL, DENTAL, AND MEDICAL MISSION 2023



Handog ng Pamahalaang Lungsod sa pangunguna ni City Mayor Marilou Flores-Morillo and "Health Outreach Foundation, Kansas City, USA | Surgical, Dental, Medical Mission 2023" para sa mga Calapeñong mula sa 10 na Barangay, ginanap sa Calapan City Plaza Pavilion noong ika-22 ng Marso.

Nitong araw ng Miyerkules, nahatiran ng serbisyo sa kalusugan ang mga benepisyaryong mula sa Barangay Lazareto, San Antonio, Salong, Suqui, Ibaba East, Ibaba West,

Camilmil, San Vicente West, at San Vicente North.

Naging posible ang aktibidad na ito sa pamamagitan ng mga masisagisag na kawani ng City Health and Sanitation Department sa pangunguna ni City Health Officer Dr. Basilisa M. Llanto, Serbisyong TAMA Center na pinamunuan ni Program Administrator Mr. Peter Joseph Dytioco, at Community Organizers (Community Affairs Offices) sa pamumuno ni Mr. Avelino P. Tejada kaagapay ang Health Outreach Foundation, Kan-

sas City, USA, at Oriental Mindoro Medical Society, kung saan ay bumisita rin dito si Chief of Staff Mr. Joseph Umali.

Ang ganitong uri ng makabuluhang gawain ay buong pusong sinusupportahan ng butihing Ina ng Lungsod, sapagkat batid niyang mayroon itong malaking maitutulong para matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan sa usaping pangkalusugan (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).





Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

**BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO**

CONTACT: 09295453013

Lakas ng Kababaihan, Lakas ng Lipunan

IKA-25 NG MARSO, nagtipon ang mga kababaihan upang ipagdiwang ang 2023 National Women's Month sa Lungsod ng Calapan.

Nagsama-sama ang mga kababaihan mula sa iba't ibang organisasyon, departamento, at ahensiya at mula sa Pu-

regold Camilmil hanggang Nuciti Central Mall ay isinagawa ng mga ito ang Grand Parade at ang kanilang Solidarity Dance.

Matapos ang parada ay nagbahagi naman ng mga nakaka-inspire na kuwento ang mga babaeng nasa lokal na pamahala-

laan tulad nina City Mayor Marilou Flores-Morillo, Konsehal RL Leachon, at Bokal Jocy Neria.

Binigyang pagkilala din ang mga natatanging Calapeñang kilala sa iba't ibang industriya (e.g. Journalism, Leadership, Youth Leader, at iba pa).

Ilan sa

mga nabigyang parangal ay sina Madonna Virola, Evelyn Cacha, Maycel Rabino, Einela Reann Manalo, Karen Reyes, at Myrna Jimenez.

Pinatunayan lamang ng gawaing ito na ang lakas ng kababaihan ay la-

kas ng ating lipunan. Pinangunahan naman ito ng Pamahalaang Lungsod sa pamumuno ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, sa pamamagitan ni Ms. Ellaine Dimampo na siyang Gender and Development special Consultant. (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

